

 **Philippine Biblical Worldview Institute**
Certificate in Christian Ministries

Lifestyle Evangelism ©

Conrad Jun Tolosa
Revised March 14, 2020

LE204. Ang Evangelist bilang Ambassador

Ang isang ambassador ay isang sugo o representante ng isang may mas mataas na katungkulan o autoridad kaysa sa kanya. Siya ay pumupunta sa isang foreign nation as a diplomat. Ang mga mananampalataya ay mamamayan ng kaharian ng Diyos at ang buong mundo ang kanilang foreign mission.

Ang isang ambassador ay hindi naglalahad ng sarili niyang kuro-kuro o paniniwala kundi pawang kaisipan lamang ng nagsugo sa kanya ang kanyang ibinabahagi sa kanyang mga kausap. Naka-focus siya sa idea na kung papaano nagkakaroon ng peace between a holy God at sinful man. Ang functions ng kanyang office ay ang mga sumusunod:

1. Ang pagbabahagi ng ministry of reconciliation na walang iba kundi ang ebanghelyo ng Diyos. Ang evangelist-ambassador ay may taglay na insight at understanding patungkol sa kalooban at pamamahala ng Diyos sa mundo. Halimbawa dito ang prinsipyong Peace with God produces peace among men.
2. Ang pagbubunyag na kung paano ang kasalanan ng sinumang nagtitiwala o sumasampalataya sa Diyos ay wala ng kaparusahan, sapagkat inako na ni Cristo ang hatol na kamatayan na nararapat tanggapin ng bawat makasalanan. Di tulad ng isang bible teacher, ang isang ambassador-evangelist ay hindi nagtatampisaw sa mga doctrinal issues kundi steady lamang siya sa gospel message.
3. Ang pagpapaabot ng paanyaya sa lahat ng tao na tanggapin ang salita ni Cristo para sa ikaliligtas mula sa galit at paghatol ng Diyos; ang Diyos na hindi nagnanais na ang sinuman ay mapahamak.

Dahil sa siya nga ay isang representante ng nagsugo sa kanya, nararapat lamang na ipamuhay ng isang ambassador ang character ng kanyang pinaglilingkuran. Nararapat na mag-practice siya ng paggalang sa kapwa at ng diplomasya.

Nang isugo ni Jesus ang Kanyang labing dalawang disipulo upang isagawa ang Kanyang layunin, isinugo Niya ang mga ito nang dala-dalawa (Mark 6:7). Maski na sa pagdulog sa trono ng biyaya, iminumungkahi ni Jesus na magsama ng kahit isa pa kapag lumalapit sa Diyos sa panalangin (Matthew 18:19). Nang pumili si Jesus ng pitumpu't dalawang alagad, pinauna Niya nang dala-dalawa ang mga ito upang magsilbing advanced party (Luke 9:62-10:4).

Ayon sa parable of the sower sa Matthew 13:18-23 may apat na klaseng puso ang masusumpungan ng isang evangelist sa lugar na kanyang paghahasikan ng salita ng Diyos:

1. Walang pang-unawang puso na magiging malamig sa pagtanggap sa mabuting balita,
2. mababaw na puso na madaling makalilimot sa mga bagay na kanyang naririnig,

3. mapangambang puso na hindi nagbubunga at
4. mabuting puso na hitik kung magbunga.

Ang isang insight sa parable na ito ay ang katotohanan na ang kaligtasan ng tao ay nakasalalay sa mga kamay ng Diyos. Hindi nakukuha ang pagtanggap ng tao sa mabuting balita sa galing ng ebanghelista.

I. Multiple choice

1. Ano ang ibig sabihin ng ambassador?
 - a. Isang diplomat
 - b. Isang sugo o representante ng isang may mas mataas na katungkulan sa kanya
 - c. All of the above
2. Saan ipinapadala ang isang ambassador?
 - a. Sa isang foreign nation
 - b. Sa supermarket
 - c. Sa eskuwelahan
3. Ang foreign mission ng isang mananampalataya ay sa tahanan niya lamang?
 - a. True
 - b. False
 - c. Maybe
4. Ano ang hindi ginagawa ng isang ambassador?
 - a. Inilalahad niya ang mensahe ng nagsugo sa kanya.
 - b. Naka-focus siya sa idea na kung papaano nagkakaroon ng peace between a holy God at sinful man.
 - c. Naglalahad siya ng kanyang mga sariling kuro-kuro at paniniwala.
5. Ano ang functions ng office ng evangelist bilang ambassador?
 - a. Ang pagbabahagi ng ministry of reconciliation between God and man gamit ang ebanghelyo ng Diyos.
 - b. Ang pagbubunyag kung paanong ang kasalanan ng nagtitiwala sa Diyos ay wala nang kaparusahan sa pamamagitan ni Cristo na umako ng hatol ng kamatayan.
 - c. Ang pagpapaabot ng paanyaya sa lahat ng tao na tanggapin ang salita ni Cristo para sa ikaliligtas mula sa galit at paghatol ng Diyos.
 - d. All of the above
6. Ano ang dapat na tandaan ng isang evangelist-ambassador sa tuwing naghahasik siya ng salita ng Diyos sa mga tao?
 - a. Sa mga evangelist-ambassadors nakasalalay ang kaligtasan ng mga taong nakikinig. Kaya niyang patanggapin ang mga nakikinig dahil sa kanyang galing magsalita.
 - b. Sa Diyos nakasalalay ang kaligtasan ng mga taong nakikinig. Siya lamang ang makapagbubukas ng puso at isip ng tao.
 - c. Both a&b

7. Sino ang nirerepresent ng isang evangelist-ambassador?
 - a. ang kanyang sarili
 - b. ang kanyang local church
 - c. ang Diyos

8. Nang pumili si Jesus ng pitumpu't dalawang alagad,
 - a. Pinauna Niya sila nang isang barkadahan
 - b. Pinauna Niya sila ng dala-dalawa
 - c. Pinauna Niya sila ng tig-apat

9. Sa parable of the sower, binanggit doon na may _____ clase ng puso ang masusumpungan ng isang evangelist sa lugar na kanyang paghahasikan
 - a. Lima
 - b. Apat
 - c. Walo
 - d. None of the above

10. Ang evangelist bilang ambassador ay dapat na mag-practice ng
 - a. Pagsayaw at pagkanta
 - b. Paggalang at diplomasya sa kapwa.
 - c. All of the above

II. Short Essay

Gumawa ng 3 minute testimony gamit ang pattern na iyong natutuhan.

Note:

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.